Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T PITONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-16 NG HULYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad, Namuno
2. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
3. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
4. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
5. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
6. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
7. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
8. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-Barangay
9. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 135-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Bustamante na pinangalawahan ni Kag. Dia at Kag. Lijauco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAABOT NG MATAAS NA PAGPAPARANGAL AT PAGBATI KINA ANTHONY JEFFERSON ATIENZA AT MARC ANTHONY SALUD, MAG-AARAL NG HOLY ROSARY ACADEMY KASAMA ANG KANILANG MGA TAGASANAY NA SI GNG. LOURDES LUCINO AT BB. NANCY NARCO SA PAGWAWAGI SA PAMBANSANG PALIGSAHAN NG TALINO NA KILALA BILANG "BATTLE OF THE BRAINS".

SAPAGKA'T, sina Anthony Jefferson Atienza at Marc Anthony Salud, pawang mag-aaral ng Holy Rosary Academy at naging kinatawan ng Rehiyon sa Pambansang Paligsahan ng Talino na kilala bilang "Battle of the Brains" ay maluwalhating nagwagi ng unang karangalan at itinanghal na Pambansang kinatawan ng Pilipinas sa paligsahan pang-ASEAN;

SAPAGKA'T, isang malaking karangalan, hindi lamang sa paaralang Holy Rosary Academy, kundi pati na rin sa sambayanang Santa Rosa ang kanilang pagwawagi;

SAPAGKA'T, ang mga mag-aaral na tulad ni Anthony Jefferson Atienza at Marc Anthony Salud ay magsisilbing huwaran at inspirasyon ng ating mga kabataan at gayundin ang pagtaas ng antas sa paglinang ng talino ng mga kabataang mag-aaral ng paaralang Holy Rosary Academy na siyang magsisilbing pamantayan ng iba pang paaralan sa bayan ng Santa Rosa, Laguna;

8/6/97

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE MAYOR

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapaabot ng mataas na pagpaparangal at pagbati kina Anthony Jefferson Atienza at Marc Anthony Salud, mag-aaral ng Holy Rosay Academy kasama ang kanilang mga tagasanay na si Gng. Lourdes Lucino at Bb. Nancy Narco sa pagwawagi sa Pambansang Paligsahan ng Talino na kilala bilang "BATTLE OF THE BRAINS".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Pangalawang Punong-bayan at
Nanunungkulang Punong-bayan

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

O. RAMON L. LIJAUCO
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.
Kagawad

LUISITO B. ALGABRE
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

ROMEO P. AALA
Kagawad

FRANCISCO G. ALMIRA, Jr.
Kagawad

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasihang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-27 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-16 ng Hulyo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim